1. Ano ang pangunahing yaman ng isang bansa?
    A) Likas na yaman
    B) Mamamayan
    C) Teritoryo
    D) Pamahalaan

2. Ano ang tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan na sakop ng batas ng estado?
    A) Soberanya
    B) Teritoryo
    C) Pamahalaan
    D) Nasyon

3. Alin sa mga sumusunod ang isang samahan na naglalayong magtatag ng kaayusan sa lipunan?
    A) Nasyon
    B) Teritoryo
    C) Pamahalaan
    D) Mamamayan

4. Ano ang tawag sa kapangyarihang mamahala ng pamahalaan sa nasasakupan nito?
    A) Soberanya
    B) Nasyon
    C) Teritoryo
    D) Mamamayan

5. Ano ang tawag sa grupo ng tao na naninirahan sa isang teritoryo?
    A) Teritoryo
    B) Nasyon
    C) Mamamayan
    D) Pamahalaan

6. Aling konsepto ang mas nakatuon sa pampolitika at legal na pananaw?
    A) Nasyon
    B) Estado
    C) Mamamayan
    D) Teritoryo

7. Ano ang elemento ng estado na tumutukoy sa espasyong sakop ng kapangyarihan ng pamahalaan?

A) Mamamayan
B) Soberanya
C) Teritoryo
D) Pamahalaan

8. Ano ang binubuo ng konseptong panlahi at pampaniniwala?

A) Estado
B) Teritoryo
C) Nasyon
D) Pamahalaan

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga elemento ng isang estado?

A) Soberanya
B) Pamahalaan
C) Klima
D) Teritoryo

10. Ano ang layunin ng pamahalaan para sa lipunan?

A) Magpatupad ng batas
B) Magtatag ng kaayusan
C) Magtipon ng kayamanan
D) Magpalaganap ng kultura

11. Anong sistema ng pamahalaan ang may kataas-taasang pinunong iniluklok sa posisyon na nagsisilbing parehong pinuno ng estado at ng gobyerno?

A. federal system
B. parliamentary system
C. unitary presidential system
D. constitutional monarch system

12. Anong uri ng pamahalaan ang binubuo ng mga nahalal sa posisyong may responsibilidad sa pagpapaunlad at pangangasiwa sa pangkalahatan o pambansang perspektibo?

A. pamahalaang lokal
B. pamahalaang pambansa
C. pamahalaang panlalawigan
D. pamahalaang pang-munisipalidad

13. Anong uri ng pamahalaan ang binubuo ng mga nahalal na posisyong ang saklaw ng responsibilidad ay nalilimitahan sa mga lalawigan, lungsod, munisipalidad, at barangay?

A. pamahalaang lokal
B. pamahalaang pambansa
C. pamahalaang pandaigdigan
D. pamahalaang pambarangay

14. Alin sa mga posisyon ang halal sa pambansang pamahalaan?

A. Bise-Gobernador
B. Pangulo
C. Konsehal
D. Punong Mahistrado

15. Alin sa mga posisyon ang halal sa pamahalaang lokal?

A. Kongresista
B. Pangalawang Pangulo
C. Mayor
D. Senador

16. Alin sa mga saklaw ng pamahalaang lokal ang may direkta o tahasang kapangyarihan ang isang gobernador?

A. barangay
B. lungsod
C. lalawigan
D. rehiyon

17. Ano ang itinuturing na pinakapayak o pinakamaliit na yunit ng pamahalaan sa ating bansa?

A. barangay
B. lalawigan
C. lungsod
D. munisipalidad

18. Alin sa mga sumusunod ang kalipikasyon ng isang Pangulo?

A. May negosyo sa Pilipinas
B. Rehistradong botante
C. Marunong sumayaw at kumanta
D. Mapagmahal sa kapwa

19. Ilan ang senador sa Pilipinas?
   A. 34
   B. 24
   C. 14
   D. 12

20. Ilang taon maaaring manungkulan ang isang pangulo sa Pilipinas?
   A. 2 C. 6
   B. 4 D. 8

KEY:

1. B
2. B
3. C
4. A
5. C
6. B
7. C
8. C
9. C
10. B
11. C
12. B
13. A
14. B
15. C
16. C
17. A
18. B
19. B
20. C